# Ang Puno Ng Pag Asa

*Jhobilyn Arce Millares-IGLOSO LPT*

Dati rati nakikita ko sya sa punong iyon nakaupo sa kanyang lumang bangko ,at pinagmamasdan ang kagandahan ng paligid, ang punong berdeng berde pa ang mga dahon,napakagandang tingnan sa malayo.

Minsan nakakasalubong ko rin sya sa kanyang pag lalakad tuwing umaga,tinatapunan lamang nya ako ng ngiti,minsan naman ay kaway, naisip ko siguro nakalimutan na nya ako,dahil siguro pinatanda narin siya ng panahon.nakalimutan na siguro nya na siya ung nagturo sa akin ng tamang pag babasa.

Pinagtanong tanong ko na rin kung bakit wala na siya sa kanyang bahay sabi ng katiwala nya,kinuha na daw ng kamag anak upang dalhin sa Home for the Aged dahil wala na daw maipapasweldo sa kasama sa bahay,napaisip tuloy ako imposible yun ang alam ko may sarili siyang pananalapi upang matugunan ang kanyang pangangailangan, dati pa nga nagbibigay siya ng tulong sa iba.

Pinilit ko hingin ang lugar kung saan sya naroon at naibigay din ito sa akin ng katiwala nakukulitan ata sa akin, di ako nag aksaya ng oras hinanap ko sya sa home for the Aged na iyon, sa isang sulok ng mesa ko siya natagpuan nagbabasa ng bibliya at lumuluha Hi !Mam wika ko sa kanya,tuwang tuwa

siya ng akoy makita niyakap nya ako at binigyan ng matamis na ngiti, tinanong ko kung okey lang ba siya ang sagot nya ay tango lamang,

Sumenyas sya sa akin ng parang sandali lang may kukunin ako, hinintay ko sya sa upuan na iyon, ng sya ay bumalik may bitbit syang maliit na bag,bigla syang nagwika sayo na yan nawa ay maging makabuluhan yan sa iyo anak.masaya ako dahil umimik na sya at siguro naaaalala na nya ako, ako yung dati nyang mag aaral na tinulungan kaya naging isa na akong Nars ngayon.nagpaalam na ako sa kanya ng araw na iyon at nangako na babalik uli at gagawan ng paraan para sana ako nalng ang mag alaga sa kanya,

Lumipas ang ilang linggo nabalitaan ko na wala na si maam dala narin siguro ng katandaan at lungkot sa Home for the Aged.nagdulot ito ng matinding lungkot sa akin naalala ko may binigay pala siyang bag sa akin at noon ko lang naisipan na buklatin ito nakita ko ang isang maliit na susi at may maliit na papel nakalagay PUNO ng pag asa

Napaisip ako kung ano ibig sabihin nito,kinabukasan nagtungo ako sa punong iyon na madalas niyang puntahan dala ang maliit na susi at papel na binigay nya.

May nakita akong maliit na hukay sa gilid ng puno,marahan ko itong kinuha at tumambad sa akin ang maliit na kahon, ng buksan ko ay puno ng salapi at ginto, napaiyak ako at di ko alam ang gagawain ng sandaling iyon. Naisip ko na kaya siguro sa akin yun iniwan ni maam ay upang itulong ko rin sa iba na

mas higit na nangangailan,at palaguin para doon sa dako pa roon ng buhay nakangiti parin siya dahil hindi ko sinayang ang mga iniwan at ipinagkaloob nya sa aki.

Wala man sya ang kabutihan at ang busilak niyang puso ay mananatili sa aking puso at isipan.